
PAUNAWA SA MEDIA

PETSA: Mayo 25, 2021

CONTACT: Ralph Borrmann - 415.749.4900

Available na ang \$34 na milyong pondo ng Volkswagen (VW) para sa zero na emisyon na freight at marine na proyekto sa California

Pagpopondo para mga forklift, kagamitan sa pangangasiwa ng kargo sa piyer, suporta sa ground sa paliparan, mga makina ng sasakyang-dagat, at shore power na proyekto

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na available na ang Trust sa Mitigasyon sa Kapaligiran ng Volkswagen (Volkswagen Environmental Mitigation Trust) na \$34 na milyon para sa buong estado simula ngayong araw para sa mga sumusunod na negosyo:

- Pag-aalis at pagpapalit ng kagamitan sa suporta sa ground ng paliparan, kagamitan sa pangangasiwa ng kargo sa piyer, at mga forklift para sa mga bagong zero na emisyon teknolohiya
- Pag-aalis at pag-repower ng mga makina ng sasakyang-dagat para sa mga ferry, tugboat, at towboat para sa mga bagong zero na emisyon, lahat de-kuryente, o fuel-cell na teknolohiya
- Pag-install ng shore power sa mga berth na nagsisilbing barkong naglalayag sa karagatan

Tumatanggap ng mga aplikasyon online sa www.CaliforniaVWTrust.org at ang takdang petsa ng aplikasyon ay sa Setyembre 22, 2021 nang 5 p.m./PDT.

Ang pagpopondo ay iniaalok sa buong estado sa pamamagitan ng solisitasyon nito na first-come first-served. Susuriin ang mga aplikasyon para sa kwalipikadong kagamitan batay sa abilidad para mabawasan ang mga emisyon ng NOx. Dapat tumakbo ang lahat ng popondohang kagamitan at sasakyan sa California. Hindi bababa sa 75 porsyento ng \$34 na milyon ang inaasahan na mapapakinabangan ng mga komunidad kung saan talamak ang kahirapan at mababa ang kita.

Inaasahang ilalabas sa taglagas ng 2022 ang isang hiwalay na solisitasyon para sa kategoryang ito na nag-aalok ng karagdang \$35 milyon.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang website ng programa na [Zero na Emisyon na Freight at Mga Pandagat na Proyekto \(Zero-Emission Freight and Marine Projects\) \(californiavwtrust.org\)](http://Zero na Emisyon na Freight at Mga Pandagat na Proyekto (Zero-Emission Freight and Marine Projects) (californiavwtrust.org)).

Ipinapaliwanag ng [solisitasyon ng programa](#) ang mga kwalipikadong proyekto at kinakailangan sa pagpopondo, nakalista dito ang mga iniaalok na webinar para ilarawan ang oportunidad na ito sa pagpopondo, at sinasagot din dito ang mga madalas itanong.

Ang VW Environmental Mitigation Trust ay isang pambuong-bansang programa na nagbibigay ng pondo sa mga estado para ganap nitong mabawasan ang labis-labis na emisyon ng NOx na dulot ng paggamit ng VW, sa mga sasakyang gumagamit ng diesel, ng mga defeat device na sumusuri ng mga ilegal na emisyon. Sa California, ang Zero-Emission Freight and Marine, kasama ng apat pang kategorya ay magbibigay ng pagpopondo na VW Environmental Mitigation Trust para sa mga kwalipikadong proyekto. Sa ngalan ng Lupon ng Mga Air Resource ng California (California Air Resources Board), kasama sa apat na iba pang kategorya at rehiyonal na ahensya sa kalidad ng hangin na itinalagang mangasiwa ng mga pondo sa buong estado ang:

- [Mga proyekto para sa pampublikong bus, school bus, at shuttle bus na may zero na emisyon](#), na ibinibigay sa buong estado ng Distrito ng Pagkontrol sa Polusyon sa Hangin ng San Joaquin Valley:
- [Mga class 8 na freight at port drayage truck na may zero na emisyon](#), na ibinibigay sa buong estado ng Distrito sa Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng South Coast.
- Impra-istruktura ng sasakyan na light-duty na zero na emisyon ([mga istasyon sa pag-charge](#) at [istasyon sa hydrogen fueling](#)), na pinapangasiwaan sa buong estado ng Bay Area Air Quality Management District
- [Mga proyekto sa freight at transportasyon sa karagatan na nauugnay sa pagningas](#), na ibinibigay sa buong estado ng Distrito ng Pagkontrol sa Polusyon sa Hangin ng South Coast.

Inaasahan ng CARB na ganap na mapapagaan ng pagpopondo ang lahat ng limang kategorya ng mga epekto ng NOx na dulot ng mga defeat device ng VW.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa VW Environmental Mitigation Trust, bisitahin ang www.californiavwtrust.org.

Ang CARB ay ang nangungunang ahensya sa California para sa paglilinis ng hangin at paglaban sa pagbabago ng klima, para makamit at mapanatili ang mga pamantayan sa kalidad ng hangin batay sa kalusugan. Layunin nitong maitaguyod at maprotektahan ang pampublikong kalusugan, kaayusan, at mga ekolohikal na mapagkukunan sa pamamagitan ng epektibong pagbabawas ng mga nagpaparumi sa hangin at klima, habang kinikilala at inasaalang-alang ang mga epekto sa ekonomiya.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area sa siyam na county nito. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

Nagsisilbi ang Bay Area Air District na tagapangasiwa ng pagpopondo para sa kategoryang ZEF&M nang katuwang ang CARB.

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)